


Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 9:
Pakikiisa sa mga Gawaing
Nakatutulong sa Bansa Gamit ang
*Multimedia***



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 9: Pakikiisa sa mga Gawaing Nakatutulong sa
Bansa Gamit ang *Multimedia*
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Fe P. Alas, Juliet L. Lim

Editor: Caridad P. Baginon, Farrah Rudas-Delfin

Tagasuri: David C. Alcober, Colin Dy Tupaz

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tenasas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 323 - 3156

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 9:

Pakikiisa sa mga Gawaing

**Nakatutulong sa Bansa Gamit ang
*Multimedia***

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ano nga bang kaugalian ang dapat mong taglayin upang makatulong sa iyong kamag-aral, pamilya, at kapwa Pilipino? Maraming mga mahahalagang kaugaliang Pilipino ang dapat na isaisip, isapuso at isagawa ng isang mag-aaral na tulad mo. Ilan na dito ang pagiging masunurin sa mga mabubuting payo ng mga nakatatanda lalo na ng mga magulang. Nakatutulong ito upang lumaking may disiplina sa sarili at may pagpapahalaga na kaakibat ng pagiging mabuting mamamayan.

Sa panahon ng makabagong teknolohiya at panahon ng bagong normal, mahalaga na pag-ibayuhin ang mabubuting pag-uugaling Pilipino upang mas maging responsableng mamamayan. Kaugnay din nito, ang pagiging responsableng mamamayan ay maipapakita din sa pakikiisa sa mga programa at proyekto ng pamayanan. Ang pakikiisa ng mga mag-aaral na tulad mo ay makatutulong upang makamit ang minimithing mapayapang pamumuhay.

Ang pinapangarap na kapayaan at kaayusan ay maisasakatuparan lamang kung ang bawat isa ay makikiisa sa pangdaigdigang pagkakaisa tungo sa kapayapaan at kaayusan. Tatlo sa mga mahahalagang hangarin ng bansa at ng buong mundo ay ang pananatili ng kalinisan, pagkakaroon ng kaligtasan, at kapayapaan ang bibigyang pansin tungo sa kaayusan ng pandaigdigang pagkakaisa. At ang layunin na maisakatuparan at maipaalam ito ay sa tulong ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya tulad ng *multimedia*.

Sa tulong ng modyul na ito, inaasahan ang mga mag-aaral na:

- Nakagagawa ng isang proyekto gamit ang ibat-ibang *multimedia* at *technology tools* sa pagpapatupad ng mga batas sa kalinisan, kaligtasan, kalusugan, at kapayapaan **(EsP5PPP-IIIh-31)**
- Nakikiisa nang buong tapat sa mga gawaing nakatutulong sa bansa at daigdig **(EsP5PPP-IIIh-32)**



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ito ay kombinasyon ng *audio*, larawan, salita, *animation*, *video*, at *graphics*.
 - A. *Social Media*
 - B. *Media*
 - C. *Internet*
 - D. *Technology at Multimedia tools*
2. Ano ang kinakailangan upang matagumpay na maipatupad ang mga proyektong pampamayanan?
 - A. Pagsasawalang bahala
 - B. Pakikiisa at suporta
 - C. Pakikiisa kung kakilala lamang ang tagapagpatupad
 - D. Pagiging pasaway
3. Tumutukoy sa pinaka-karaniwang uri ng *technology* at *multimedia tool*.
 - A. *text*
 - B. *video*
 - C. *audio*
 - D. *graphics*
4. Uri ng *technology* at *multimedia tool* na ginagamit sa pagbubuod ng isang konsepto o paksa.
 - A. *audio*
 - B. *video*
 - C. *graphics*
 - D. *animation*
5. Alin sa sumusunod ang magandang dulot ng paggamit ng *technology* at *multimedia tool* sa pamayanan?
 - A. Mas mabilis, madali, at malawakan ang anunsyo sa mga programa o importanteng impormasyon sa pamayanan.
 - B. Magagamit upang makapagpakalat ng mga *fake news*
 - C. Magagamit upang makapanakit ng ibang tao
 - D. Magagamit upang magpakalat ng tsismis sa pamayanan
6. Ano ang halimbawa ng kagamitang pangkomunikasyon na nagpapakita ng kumbinasyon ng tunog, *video*, at *text*?
 - A. *poster*
 - B. telebisyon
 - C. *speaker/stereo*
 - D. radyo

7. Ang sumusunod ay mga dapat tandaan sa paggamit ng *technology* at *multimedia tool* maliban sa isa.
 - A. Piliin lamang ang mga impormasyong maaaring isapubliko.
 - B. Iwasan itong gamitin upang makapanakit ng ibang tao.
 - C. Huwag gumamit ng mga salitang may masama o hindi kaaya-ayang kahulugan.
 - D. Pag-angkin sa gawa ng ibang tao.

8. Ito ay uri ng *technology* at *multimedia tool* kung saan ang mga larawan ay tila gumagalaw.
 - A. *audio*
 - B. *text*
 - C. *graphics*
 - D. *animation*

9. Ito ay mga larawan na sinasamahan ng tunog na ginagamit sa pagbibigay ng impormasyon sa loob ng maikling panahon o oras.
 - A. *video*
 - B. *animation*
 - C. *text*
 - D. *graphics*

10. Ang lahat ay mga halimbawa ng *application* na maaaring gamitin sa paggawa ng *poster* maliban sa isa.
 - A. *Canva*
 - B. *Typorama*
 - C. *Soundcloud*
 - D. *Picsart*

Aralin 1

Pakikiisa sa mga Gawaing Nakatutulong sa Bansa Gamit ang *Multimedia*

Ang pakikiisa sa anomang gawain tungo sa iisang mithiin o hangarin ay nakatutulong upang madaling matapos ang isang proyekto. Gamit ang makabagong teknolohiya tulad ng ibat-ibang *multimedia tools* na may mga kumbinasyon ng mga larawan, teksto, biswal, at *audio* ay ilan lamang sa mga paraan upang agad na maiparating ang impormasyon sa mga tao. Nakakatulong ang mga kagamitang ito upang makabuo tayo ng mga malikhaing proyekto.

Napakalaki ng impluwensya ng makabagong teknolohiya lalo na sa larangan ng edukasyon. Sa kabila ng pandemya dulot ng COVID-19, naipagpapatuloy pa rin natin ang pag-aaral. Nagagawa rin natin ang mga bagay upang patuloy na magampanan ang tungkulin bilang isang mag-aaral at mamamayan ng bansa. Nararapat lamang na maging mapanuri at responsable sa paggamit ng teknolohiya at gamitin ito nang may makabuluhang hangarin.



Balikan

Gawain A

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Piliin ang titik kung anong pagpapahalaga ang tinutukoy ng bawat sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Pakikilahok sa mga programang pampamayanan
- Responsableng mamamayan para sa maunlad na pamumuhay
- Pagtulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas
- Pangangalaga sa kalusugan

- ___ 1. Nais ng pamilya ni Mang Aldo na umunlad ang kanilang pamumuhay. Dahil dito, nagsusumikap silang maging produktibo at kapaki-pakinabang. Sa tulong ng makabagong teknolohiya, naisipan nilang magtayo ng *computer shop* para kumita ng pera para sa pamilya.
- ___ 2. Bawat mamamayan ng Barangay Sta. Isabel ay sumusunod sa ordinansa na linisin ang kanilang bakuran. Dahil dito, naideklara ang Barangay Sta. Isabel bilang pinakamalinis na barangay sa buong bayan.
- ___ 3. Ang mga kagawad ng Barangay ay naglilibot para ipaalam sa mga mamayan na ang kanilang mga aso ay dapat nakatali para maiwasan ang pagkakalat ng dumi nito at aksidente.

- _____4. Inanyayahan ng kapitan ng barangay si Berting at kanyang mga kasama sa *Youth Club* na dumalo sa pagpupulong sa barangay para sa isang proyektong gaganapin sa kanilang barangay pero susundin ang mga protokol sa pagpapatawag ng mga pagpupulong.
- _____5. Matapat na nagbabayad ng buwis si Mang Gerry at ang kaniyang mga katrabaho sa opisina. Nais nilang tulungan ang pamahalaan upang magkaroon ng pondo para matugunan ang mga pangangailangan ng mga mamamayan tulad ng pagpapatayo ng ospital, kalsada, palengke, at sweldo ng mga kawani nito.
- _____6. Sinusunod ni Joaquin, anak ng isang mangingisda, ang paalaala sa pangingsda tulad ng:
- Itapon ang mga basura sa tamang lalagyan.
 - Tumulong sa pangangalaga sa mga yamang tubig.
 - Sumunod sa mga alituntunin sa pangingsda.
- _____7. Nagbago ang pang-araw-araw na buhay ng mga tao dahil sa COVID-19. Bawat isa ay nagtutulungan upang mapahinto ang pagkalat ng *virus* at mapanatiling ligtas ang lahat. Dahil dito, may mga hakbang na dapat gawin tulad ng madalas na paghuhugas ng mga kamay, pagsusuot ng *facemask* at *face shield* at pag-iwas sa mga matataong lugar.
- _____8. Isa sa mga ordinansang ipinatutupad sa inyong lugar ay ang pagbabawal sa pagsunog ng mga basura dahil nakakasama ito sa kalusugan. Kaya naisip ng magkaibigang Mark at Linda na paghiwa-hiwalayin ang mga ito at ibenta ang mga bagay na maaari pang mapakinabangan.
- _____9. Isinasaalang-alang ng bawat mamamayan ang pakikiisa at pagsunod sa mga kautusang pinairal sa kanilang lugar. Ipinakikita nila na hindi lamang pansariling kapakanan ang kanilang iniintindi kundi ang para sa nakararami.
- _____10. Sa murang edad ay pinangarap mo nang maging isang guro kaya labis kang nagsusumikap sa iyong pag-aaral. Subalit may mga araw na hindi ka nakakasagot ng iyong mga *modules* dahil sa iyong kalusugan. Para malabanan ang iyong sakit kumakain ka ng mga gulay at prutas.



Tuklasin

Gawain B

Panuto: Sa patnubay ng magulang, makinig sa radyo o manood sa telebisyon ng balita tungkol sa kalinisan, kaligtasan, kapayapaan, at kalusugan. Gamit ang sagutang papel, punan ang talahanayan sa ibaba ng mga hinahanap na impormasyon mula sa mga balitang napakinggan o napanood. Sagutin din ang mga gabay na tanong.

TUNGKOL SAAN	ANONG NANGYARI	SAAN NANGYARI	KAILAN NANGYARI
Halimbawa: Kalinisan	Nagsagawa ng <i>clean-up drive</i> sa ang mga <i>volunteer</i> ng isang <i>Non-Governmental Organization</i>	Sa <i>Manila Bay</i>	Noong Hunyo 12, 2021
Kalinisan			
Kaligtasan			
Kapayapaan			
Kalusugan			

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ano ang pagkakaiba o pagkakatulad ng mga balitang iyong napanood o napakinggan?
2. Ano ang naramdaman mo matapos mapakinggan o mapanood ang mga balita? Bakit?
3. Ano anong mga pagpapahalaga o *values* ang natuklasan mo mula mapakinggan o mapanood ang mga balita? Mahalaga ba ang pakikinig o panonood ng balita? Bakit oo/hindi?

4. Bakit mahalagang mayroon tayong kaalaman sa kung ano ang mga pangyayari sa ating pamayanan?
5. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa mga aktibidad o gawain sa inyong pamayanan?



Suriin

Ang pakikiisa sa mga gawaing pampamayanan ay mahalaga sapagkat ito ang magsisilbing batayan ng tagumpay ng isang proyekto o gawain. Ang iyong suporta, pagsunod, at kamalayan sa mga batas para sa kalinisan, kalusugan, kaligtasan, at kapayapaan ay magbubunga ng magandang resulta para sa iyo at sa pamayanan na iyong kinabibilangan. Paano nga ba mapapadali at maayos na maipabatid sa mga mamamayang tulad mo ang ang mga mensahe o impormasyon mula sa kinauukulan? Sa modyul na ito, iyong matutunan ang ilan sa mga maaaring magamit na kasangkapan upang epektibong makibahagi sa mga proyekto ng iyong pamayanan.

Mula sa mga dyaryo, mga sulat at mga nakapaskil na anunsyo, higit na mabilis at maayos ang sistema ng pakikipag-ugnayan sa mamamayan sa kasalukuyang panahon. Dahil ito sa tinatawag na *technology* at *multimedia tools*. Ang *technology* at *multimedia tools* ay kombinasyon ng *audio*, larawan, salita, *animation*, *video*, at *graphics* na ginagamit upang magpakita ng impormasyon at makipag-ugnayan sa kakaibang paraan. Ito ay maaaring magsilbing daan upang maipahayag nang mahusay, impormatibo, at malikhain ang mga kampanya at mga gawain sa pamayanan. Mas madali rin ipamahagi ang mga impormasyon kung ito ay ginagamitan ng *technology* at *multimedia tools*. Hindi ba't higit mong maunawaan ang mensahe o impormasyon na nais iparating kung ito ay pinapakita sa malikhaing paraan at sa maikling oras lamang? Nakapupukaw din ito ng interes at atensyon lalo na sa mga mag-aaral na katulad mo.

Sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba, mapalalalim mo ang iyong kaalaman sa *technology* at *multimedia tools* maging ang paggamit nito sa pamayanan sa tulong ng iba't ibang *applications*.

URI NG TECHNOLOGY AT MULTIMEDIA TOOLS	KAHULUGAN	PAANO MAGAGAMIT SA MGA BATAS O PROYEKTONG PAMPAMAYANAN	MGA HALIMBAWA NG APPLICATIONS NA MAAARING GAMITIN
<i>Text</i>	<p>Ito ay isa sa pinakamahalaga at pinakakaraniwang uri ng <i>technology</i> at <i>multimedia tool</i>. Ito ay ginagamit upang makagawa ng mga salita, pangungusap, o talata. Ito rin ay itinuturing na simple, mabilis, at mabisang uri ng pakikipag-ugnayan.</p>	<p>Maaari itong gamitin sa pagpapaalala sa buong pamayanan sa pagpapanatili ng malinis na kapaligiran tulad ng paggawa ng <i>poster</i> na may katagang “Tapat Mo, Linis Mo.”</p>	<p><i>Canva</i> <i>Typorama</i> <i>Picsart</i></p>
<i>Video</i>	<p>Ito ay tumutukoy sa mga gumagalaw na larawan na sinasamahan ng mga tunog tulad ng nakikita sa telebisyon. Ito ay ginagamit sa pagbibigay ng impormasyon sa loob ng maikling panahon o oras.</p>	<p>Maaaring kunan ng <i>video</i> ang pangyayari na sa iyong palagay ay dapat aksyonan ng mga awtoridad pati na rin ang mga mabubuting gawaing sa pamayanan upang mahikayat ang ibang tao na gawin rin ito.</p>	<p><i>Power Director</i> <i>Kinemaster</i> <i>OpenShot</i></p>
<i>Graphics</i>	<p>Ito ay ginagamit upang ipaliwanag o ituro ang mahalagang konsepto o impormasyon nang mabilis at maayos. Kadalasang ginagamit ng mga taong ayaw magbasa ng mahahabang <i>text</i>.</p>	<p>Upang maayos na mapaghiwa-hiwalay ang mga basura sa nabubulok at hindi nabubulok, maaaring gumawa ng <i>logo</i> bilang tanda sa mga ito.</p>	<p><i>iBis Paint X</i> <i>Visme</i> <i>Adobe</i> <i>Illustrator Draw</i></p>
<i>Animation</i>	<p>Ito ay proseso kung saan ang mga magkakasunod na larawan ay maaaring</p>	<p>Maaari itong gamitin bilang paalala sa mga mamamayan na ugaliing tumawid sa</p>	<p><i>Powtoon</i> <i>Flipaclip</i> <i>Toontastic</i></p>

	ipalabas na tila gumagalaw. Ito ay ginagamit upang makakuha ng atensyon at makapagbigay ng mensahe sa masining na paraan.	tamang tawiran. Maaari itong ilagay sa tapat ng mga paaralan, pamilihan, simbahan, at iba pa.	
<i>Audio</i>	Ito ay pinagsamang mga tunog tulad ng musika, dayalogo, <i>sound effects</i> , at talumpati na maaaring gamitin kasama ng iba pang uri ng <i>technology</i> at <i>multimedia tools</i> .	Ang <i>smartphone</i> o <i>microphone</i> na nakakonekta sa <i>speakers</i> ay halimbawa ng kagamitan na makapagbibigay ng malakas na tunog. Maaari itong gamitin sa pagbibigay ng iba't ibang anunsyo sa mga mamamayan.	WavePad Soundcloud Lexis Audio Editor

Magandang Dulot ng Paggamit ng *Technology* at *Multimedia Tools* sa Pamayanan

1. Maaaring makibahagi ang mamamayan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga plano para sa mga gawain o batas pampamayanan nang may parehong layunin sa pamamagitan ng mga *online survey*.
2. Mas mabilis, madali, at malawakan ang anunsyo sa mga programa o importanteng impormasyon sa pamayanan.
3. Nakatutulong ang paggamit ng mga patalastas, *posters*, larawan at *video* upang maipabatid ng mga mamamayan ang kanilang mga obserbasyon, opinyon, hinaing sa mga ipinatutupad na programa o mga problemang nakikita sa pamayanan.

Mga Dapat Tandaan sa Paggamit ng *Technology* at *Multimedia Tools*

1. Isaalang-alang ang layunin sa paggamit ng *technology* at *multimedia tools*. Maaaring gawing batayan ang mga tanong na bakit, paano, at kanino upang maayos na magawa at maiparating ang impormasyon.
2. Tiyakin na maayos at tama ang pagbibigay pagkilala sa orihinal na pinagkunan ng impormasyon at gagamiting *technology* at *multimedia tool*. Ang pagsasawalang bahala rito ay maaaring magdulot ng kaparusahang *legal*.
3. Piliin lamang ang mga impormasyong maaaring isapubliko.
4. Iwasan itong gamitin upang makapanakit ng ibang tao. Huwag din gumamit ng mga salitang may masama o hindi kaaya-ayang kahulugan.

- Humingi ng gabay sa mga magulang upang masigurong tama at maayos ang paggamit sa mga ito.

Ang mga mag-aaral na tulad mo na kahit nasa ikalimang baitang pa lamang ay maaari nang makibahagi sa mga gawain ng inyong pamayanan. Sa paggawa ng iba't ibang materyal o pagbabahagi ng impormasyon ng ilang mga proyekto sa inyong pamayanan gamit ang *technology* at *multimedia tools*, maraming mamamayan ang magkakaroon ng kamalayan sa mga ito na magbubunga ng kanilang suporta at pakikiisa para sa ikabubuti ng buong pamayanan. Kailangan lamang isaisip na bagamat pinadali ng *technology* at *multimedia tools* ang iyong paraan ng pakikiisa o pakikibahagi, tungkulin mo rin na gamitin ang mga ito nang tama at naayon upang makamit ang magandang resulta.



Pagyamanin


Panuto: Tukuyin kung anong *multimedia* at *technology tools* ang pinaka-angkop na gamitin sa sumusunod na sitwasyon. Lagyan ng **tsek (/)** ang mapipiling *multimedia* at *technology tools*.

Mga Sitwasyon	Text	Video	Graphics	Animation	Audio
1. Nais magpaalala ni Kapitan James na panatilihin laging malinis ang mga kalsada sa Barangay Masigasig.					
2. Si Kagawad Anna ay mag-aanunsyo na kailangan na lumikas ng mga tao dahil sa panganib na dulot ng <i>flashflood</i> .					
3. Nais ni Teacher Annie na ipabatid sa mga mag-aaral ang pagkakaiba ng nabubulok, hindi nabubulok, at pwede pang i-recycle na basura.					
4. Si Dr. Angelo ay nais ipaalam ang mga proseso bago mabakunahan ang mga taga Barangay Masigasig.					
5. Gustong malaman ni Kagawad John kung sino-sino ang pumapasok sa Barangay Hall sa buong maghapon.					



Isaisip

Ibahagi ang iyong mga natutuhan sa aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga pahayag na nasa *graphic organizer*. Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel.





Isagawa

Panuto: Pumili ng iyong kayang gawin para iyong maipakita kung papano ka makatutulong sa pagpapatupad ng batas tungkol sa kalinisan, kaligtasan, at kapayapaan. Gawing gabay sa paggawa ang rubriks sa ibaba.

1. Gumawa ng isang *digital poster* na magsisilbing paalala tungkol sa kalinisan, kaligtasan, at kapayapaan na maari mong maibahagi; o
2. Gumawa ng *audio recording* na patalastas tungkol sa pagsunod sa *protocols* na ipinapatupad upang maiwasan ang pagkalat ng sakit na COVID-19 o mga ipinapatupad na batas para sa kaligtasan at kapayapaan ng inyong barangay.

Katumbas na Marka	Mga Pamantayan
20 Napakahusay	Napakahusay ng nilalaman ng presentasyon. Naipakita nang buong husay kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay may napakaayos na organisasyon. Ang ginawang presentasyon ay napakamalikhain.
15 Mahusay	Mahusay ang nilalaman ng presentasyon. Naipakita nang mahusay kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay may maayos na organisasyon. Ang ginawang presentasyon ay malikhain.
10 Katamtamang Husay	Hindi gaanong mahusay ang nilalaman ng presentasyon. Hindi gaanong naipakita nang mahusay kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay hindi gaanong maayos ang organisasyon. Ang ginawang presentasyon ay hindi gaanong malikhain.
5 Kailangang Paghusayan	Hindi mahusay ang nilalaman ng presentasyon. Hindi naipakita kung paano makatutulong sa pagpapatupad ng batas sa pamayanan. Ang kabuuang presentasyon ay hindi maayos. Ang ginawang presentasyon ay hindi malikhain.



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Uri ng *technology* at *multimedia tool* na ginagamit sa pagbubuod ng isang konsepto o paksa.
 - A. *audio*
 - B. *video*
 - C. *graphics*
 - D. *animation*
2. Ito ay kumbinasyon ng *audio*, larawan, salita, *animation*, *video*, at *graphics*.
 - A. *social media*
 - B. *media*
 - C. *internet*
 - D. *technology* at *multimedia tools*
3. Tumutukoy sa pinaka karaniwang uri ng *technology* at *multimedia tool*.
 - A. *text*
 - B. *video*
 - C. *audio*
 - D. *graphics*
4. Ano ang kinakailangan upang matagumpay na maipatupad ang mga proyektong pampamayanan?
 - A. Pagsasawalang bahala
 - B. Pakikiisa at suporta
 - C. Pakikiisa kung kakilala lamang ang tagapagpatupad
 - D. Pagiging pasaway
5. Alin sa mga sumusunod ang magandang dulot ng paggamit ng *technology* at *multimedia tool* sa pamayanan?
 - A. Mas mabilis, madali at malawakan ang anunsyo sa mga programa o importanteng impormasyon sa pamayanan.
 - B. Magagamit upang makapagpakalat ng mga *fake news*
 - C. Magagamit upang makapanakit ng ibang tao
 - D. Magagamit upang magpakalat ng tsismis sa pamayanan
6. Ang mga sumusunod ay mga dapat tandaan sa paggamit ng *technology* at *multimedia tool* maliban sa isa.
 - A. Piliin lamang ang mga impormasyong maaaring isapubliko.
 - B. Iwasan itong gamitin upang makapanakit ng ibang tao.
 - C. Huwag gumamit ng mga salitang may masama o hindi kaaya-ayang kahulugan.
 - D. Pag-angkin sa gawa ng ibang tao.

7. Ano ang halimbawa ng kagamitang pangkomunikasyon nagpapakita ng kombinasyon ng tunog, *video*, at *text*?
- A. *poster*
 - B. *telebisyon*
 - C. *speaker/stereo*
 - D. *radyo*
8. Ito ay mga larawan na sinasamahan ng tunog na ginagamit sa pagbibigay ng impormasyon sa loob ng maikling panahon o oras.
- A. *video*
 - B. *animation*
 - C. *text*
 - D. *graphics*
9. Ang lahat ay mga halimbawa ng *application* na maaaring gamitin sa paggawa ng poster maliban sa isa.
- A. *Canva*
 - B. *Typorama*
 - C. *Soundcloud*
 - D. *Picsart*
10. Ito ay uri ng *technology* at *multimedia tool* kung saan ang mga larawan ay tila gumagalaw.
- A. *audio*
 - B. *text*
 - C. *graphics*
 - D. *animation*



Karagdagang Gawain

Panuto: Sa iyong sagutang papel, gumawa ng talahanayan kagaya ng nasa ibaba at punan ang mga hinihinging kasagutan. Mag-isip ng tatlong (3) programa o aktibidad na may kinalaman sa kalinisan, kalusugan, kaligtasan, at kapayapaan sa pamayanan at tukuyin kung anong *technology* o *multimedia tool* ang naaangkop para dito. Lagyan ng maikling paliwanag kung paano gagamitin ang *technology/multimedia tool* sa programang naisip.

Programa/Aktibidad	Technology/Multimedia Tool	Maikling Paliwanag
Halimbawang Sagot: Munting basura, ibulsa pansamantala	<i>Text</i>	Gagawa ng poster na ipapaskil sa mga kalsada sa komunidad upang mapaalalahanan silang ibulsa ang maliliit na basura.



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>1. D 2. B 3. A 4. C 5. A 6. B 7. D 8. D 9. A 10. C</p> <p>Balikan</p> <p>1. B 2. C 3. D 4. C 5. B 6. C 7. D 8. B 9. B 10. D</p> <p>Tuklasin</p> <p>(Maaring iba-iba ang sagot)</p>	<p>Pagymanin:</p> <p>Text Audio Graphics Animation Video</p> <p>Isagawa:</p> <p>(Maaring iba-iba ang sagot)</p> <p>Tayahin</p> <p>1. C 2. D 3. A 4. B 5. A 6. D 7. B 8. A 9. C 10. D</p> <p>Karagandang gawain:</p> <p>(maaring magkaiba-iba ang sagot)</p>
---	---

Sanggunian

- P. (2014, March 11). Using Technology to Develop Communities. PA TIMES Online. Nakuha noong Abril 20, 2021 mula sa <https://patimes.org/technology-develop-communities/>
- Brown, C. (n.d). 19 free multimedia tools to inspire information people. Nakuha noong Abril 20, 2021 mula sa <https://www.vable.com/blog/19-free-multimedia-tools-to-inspire>
- JEADigitalMedia.org. (2014, October 15). Multimedia Tools | JEADigitalMedia.org. Nakuha noong Abril 20, 2021 mula sa <https://www.jeadigitalmedia.org/multimedia-tools/>
- Sehgal, D. R. (2020, July 1). Role of Ethics in Media and Technology. IPleaders. Nakuha noong Abril 21, 2021 mula sa <https://blog.ipleaders.in/role-ethics-media-technology/amp/>
- Technology, Tools and Techniques to Reach Your Community. (2020, February 25). Western City Magazine. Nakuha noong Abril 21, 2020 mula sa <https://www.westerncity.com/article/technology-tools-and-techniques-reach-your-community>
- Help Kids Become Responsible Digital Citizens | Education World. (n.d). Nakuha noong Abril 21, 2021 mula sa https://www.educationworld.com/a_tech/responsible-student-technology-use.shtml
- Multimedia Introduction - Tutorialspoint. (n.d). Nakuha noong Abril 21, 2021 mula sa https://www.tutorialspoint.com/multimedia/multimedia_introduction.htm#:~:text=Video%2D%20The%20term%20video%20refers,for%20showing%20real%20life%20objects

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph